


# Tag-Dilim sa Quezon Ave.

## Part 1

Natalia Go

# Tag-Dilim sa Quezon Ave.

## Isang Maikling Kuwento - Part 1

Natalia Go

Hindi nagdidilim sa Quezon Ave. Kumonti man ang mga sasakyan kapag disoras na ng gabi, laging may dumaraan dito. Kitang-kita ko ang mga headlights nila mula sa aking kwarto tuwing sumisilip ako sa balcony. At ang ilaw sa Pegasus na pagkaliit-liit lang kung titingnan mula sa pagkataas-taas na unit na tinitirhan ko, maliwanag pa rin.

Pula ang kulay ng mga letra ng signage ng Pegaus. Kulay na nang-eengganyo, madaling mapuna, at marahil, makasalanan. Hindi pa ako nakakapasok doon. Minsan, niyaya ako ng kaibigan ko roon nang mapadaan kami sa Quezon Ave. papunta sa dati kong bahay sa Antipolo, pero hindi ako pumayag. Sabi niya, wala naman daw akong kailangang gawin. Titingnan lang namin ang mga babae habang sumasayaw. Pwedeng i-table, makipag-inuman lang. Hindi pa rin ako komportable, kaya sabi ko, pakihatid na lang ako sa bahay. Hindi ko naisip na paglipas ng dalawang taon ay matitira ako sa tapat nito.

Hindi pa rin ako nakakapasok sa Pegasus. Pero minsan binabalik-balikan ko ang sabi ng kaibigan ko. Masaya raw ang vibes doon. Chill lang. Pero sa tingin ko, tapos na ako sa mga ganoong bagay. At isa pa, mahirap na sa isang babae kahit mahilig din sa mga babae na pumunta sa mga ganoong lugar.

Isang gabi, wala pang alas dose, may narinig akong malakas na tunog sa labas. Kasabay ng mga wang-wang ng ambulansya na normal ko nang naririnig araw-araw sa kalsada. Binukas ko ang kurtina para sumilip sa balcony. Walang ilaw sa Quezon Ave. May dalawa o tatlong sasakyan na dumaan, tapos wala na. Kahit ang Mercury Drug Store sa may kanto, nakapatay ang ilaw. Siguro may pumutok na poste ng Meralco banda roon. Tahimik. Para bang naglaho lang ang ambulansyang narinig ko kanina sa gitna ng kalye. Pero may kuryente naman sa unit ko, kaya binalewala ko na lang ito.

Naisip ko, magtu-toothbrush na lang muna ako at maghihilamos. Linggo noon. May trabaho kinabukasan. Mabuti pang matulog nang maaga.

Pahiga na ako sa kama nang marinig ko ulit ang malakas na tunog. Hindi naman tunog ng baril o pagsabog. Hindi sigaw o iyak. Kundi parang

malakas na hangin na tila kumukumpas. Nakapatay na ang ilaw sa kwarto at sa balcony. Inaantok na ako, kaya hinayaan ko na lang. Hindi pa man lumalapat ang ulo ko sa unan, narinig ko ulit ang tunog. Palakas nang palakas.

Bumangon ako at binuksan ang ilaw at dali-daling sumilip sa labas. Halos masilaw ako sa aking nakita. Kung may kulay na mas matingkad pa sa puti, ganoon ang kulay ng mga pakpak ng isang higanteng hayop na lumilipad sa aking harapan. Halos masilaw ako sa liwanag nito, kaya tinakpan ko ang aking mga mata. Saglit lang akong pumikit pero pagdilat ko, nakalayo na ito. Sinundan ko ng tingin ang hayop. Dali-dali itong sumuong pababa at doon, naglaho sa kahabaan ng Quezon Ave.

Ramdam ko ang kabog sa aking dibdib. Para akong binuhusan ng malamig na tubig. Hindi na ako inaantok. Huminga ako nang malalim at paglingon ko muli sa labas, maliwanag na ulit.

Mag-iisang taon pa lang akong nakatira roon, pero noon pa lang ako nakakita at nakarinig ng ganoong bagay. Kaya't kinabukasan, kinuha ko ang aking binoculars at nagmasid sa balcony. Late akong natutulog at gumigising. Lumabas ako bago mag-alas dose para tingnan kung may kakaibang nangyayari sa kalsada. Pero walang malakas na tunog at maliwanag pa rin ang Quezon Ave.

Pumasok muna ako sa loob. Baka hindi nagpapakita ang hayop at hindi namamatay ang ilaw sa kalsada kapag may nagmamasid nang taimtim.

Alas dose imedya, nang makarinig ako ng ingay sa labas. Pero hindi gaya noong nakaraan. May kumakanta. Isang grupo ng mga babae. Bawal mag-karaoke sa barangay namin paglampas ng alas diyes at hindi tunog lasing ang mga kumakanta. Parang propesyonal na banda. Pero…ang mga boses. Halos mala-opera ang atake. Matataas ang nota, malambing. Mahina lang ang dating sa kinauupuan ko, pero marahil ay dinig din ito ng iba.

Nag-message ako sa group chat ng building. Tinanong ko kung may naririnig din ba silang kumakanta sa labas. Wala naman daw.

Gamit ang binoculars, sinilip ko ang club sa baba. Parang mas maraming tao ngayon. Iba't ibang sasakyan ang nakapark sa harap nito, 'yong iba, luxury cars pa. Magandang klase ang binoculars ko, kaya kitang-kita ko ang mga detalye. Maya't maya ang dating ng mga kotse. Napansin ko na may nag-e-escort sa mga bisita papasok. Isang matangkad na lalaking malaki ang katawan, nakasuot ng puting shirt at black suit. Panandalian, napansin kong parang may mga sungay sa ulo niya at buntot sa likod. Sungay na kagaya sa isang kalabaw. Pero kumurap lang ako nang ilang beses ay bumalik siya sa dating anyo.

Naubos din ang mga dumarating at pumasok na ulit ang lalaking naka-suit sa loob, pero dinig ko pa rin ang mga babaeng kumakanta. Nainip na ako at inisip kong baka gutom lang ako, kaya namalikmata at nakakita ng sungay at buntot, kaya pumasok muna ako ulit at gumawa ng noodles.

Marami rin akong trabahong hindi pa natatapos. Hinarap ko muna ang computer ko habang kumakain.

Hindi ko namalayan na mag-aalas tres na. Hanggang alas tres lang bukas ang Pegasus ayon sa Google Maps. Lumabas ulit ako sa balcony para magmasid. May mga tao na ulit, lumalabas mula sa club. Namukhaan ko ang iba sa kanila na pumasok kanina. Pareho naman ang suot, pareho ang hitsura. Pero parang may kakaiba. Hindi ko maipaliwanag, pero para bang may kulay sa ibabaw ng ulo nila. Tila usok pero hindi. Imposibleng makita ako ng sinuman mula sa ibaba at lalo na mula sa banda roon. Pero hinding-hindi ko malilimutan na lumingon ang isa sa kanila sa kinauupuan ko, tumitig na parang alam niyang nagmamasid ako, at ngumiting parang nagbabadya. Pagkatapos ay umalis na rin sila.

Ilang gabi kong sinubaybayan ang mga pangyayari sa labas. Kumakanta ang mga babae pagsapit ng alas dose imedya. Dumarami ang mga bisita sa mga oras ding 'yon. At ang lalaking naka-suit ay lagi ring naroon. Lagi ko ring napapansin ang kanyang mga sungay at buntot kahit saglit lang at bumabalik siya sa taong anyo.

Ang alam ko, galing sa iba't ibang lugar ang mga dumadayo sa Pegasus. Hindi rin siguro ganoon karami ang mga regulars doon. Pero sa ilang linggong panonood ko mula sa balcony, parang marami sa kanila ang pabalik-balik. Minsan, parehas ang suot na damit sa magkakasunod na araw. Sa bawat labas nila mula sa club, patingkad nang patingkad ang kulay na parang usok sa ulo nila. Hindi ko alam kung anong nangyayari.

Minsan, habang nagkakape ako at nagmamasid, narinig ko ulit ang malakas na tunog ng mga higanteng pakpak. At nakaramdam ako ng malamig na pag-ihip ng hangin. Lumiwanag. Masakit sa mata. Galing sa likod ko ang sinag at pagkatapos ng ilang segundo ay nawala rin. Pero ramdam ko na may tao o kung anuman sa likod ko.

"Paano mo ako nakikita?" sabi ng malalim na boses. "Sino ka?"

Dahan-dahan akong lumingon. Puting-puti ang kabayo at halos maiyak ako sa ganda ng kanyang mga pakpak.

"Kilala kita," sabi ko kahit halos walang tinig na lumalabas sa bibig ko. "Paanong..."

Malakas ang halakhak ng kabayo. Para bang nayanig ang buong building. Pero malamang ay ako lang ang nakaramdam noon.

Hindi naman ako gumamit ng kahit anong droga. Inisip ko rin...

"Hindi ako halusinasyon," sabi niya. "Oo, totoo ang nakikita mo. Ang hindi ko alam ay kung bakit. Hindi mo ako dapat makita. Hindi kami dapat makita ng mga kagaya mo."

"Kami?" sabi ko. "Marami kayo?"

"Lahat kami. Sa tingin mo ba naglaho na lang kami paglipas ng tatlong libong taon?" Humalakhak muli ang kabayo. Lumakas ang boses na parang

mas malakas pa sa subwoofer ko kapag naka-todo ang volume. “Sino ka para isipin na ako ay may kamatayan?!”

Huminga ako nang malalim.

“Hmph. Hindi ko alam kung bakit mo ako nakikita. Pero mag-ingat ka. Huwag na huwag kang makikialam sa mga bagay na wala kang kinalaman.”

Dali-dali niyang ibinukas ang kaniyang mga pakpak at tumuntong sa barandilya. Ikinumpas niya ang mga pakpak at saka lumipad palayo sa akin at pababa sa maliit na club na nakapangalan sa kaniya.